# GLENN GALON

Si GLENN GALON (o BON) ay ipinanganak sa Region 6. Natapos niya ang kursong BSE-Filipino sa RTU-Mandaluyong. Ganap na kasapi ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo o LIRA at Samahan ng mga Manunulat sa Pilipinas, Inc. - Sangay ng Maynila. Nasungkit niya ang Ikatlong Gantimpala sa Unang Ani ng Premyong LIRA. Mababása ang kaniyang mga tula, dagli, at sanaysay sa iilang publikasyon, libro man o onlayn. Kasalukuyan siyang guro sa isang pampribadong paaralan sa Visayas.

# SAGUP

Pundido ang langit sang magdayón sia
maghingalit sa hardin sang mga nagtaliwan.
Bantog sia nga aswang, sa lamok,
gangis, kag bulan. Sa malatibakla nya
nga pagluksolukso padiri-padidto
sa mga natanum nga lulubngan
nga gapaindisanay túbò pasaka sa langit.
Wala sia balon nga kahadluk
sa dulom. Abot nya nga wala na
sing muduaw nga pagkabanhaw
sa mga napasmo nga semento, nga gadamgo
sang katubtuban nga katutuyhon.
Indi nya túyò pukawon ang gapiyong
nga mga kandila; ukon abi, tunawon
ang mga nagkaging sining luha. Indi
nya handum mangin ginikanan sang mga ilo
nga tinapay. Ukon abi tipunon
ang tul-an sing mga bángkay.
Amat-amat, ginpanghipu nya
ang mga orkidya nga ginhalad sa patay.
Mahimayaon sia nga nagbalik
sa ila ugsaran kon diin masapwan
ang matuod nga katubsanan.

# SALVAGE

*Salin sa Filipino*

Pundido ang langit nang tangkain niyang
magpuslit sa hardin ng mga yumao.
Kilala na siyang aswang ng lamok,
salagubang, at buwan; sa malatipaklong niyang
pagtalon palipat-lipat sa nakatanim
na mga nitsong nag-uunahang tumubo
patungong langit. Wala siyang baong tákot
sa dilim. Batid niyang kailan ma'y di na
dadalawin ng gising ang napasmang
mga sementong nananaginip
ng habambuhay na antok.
Hindi niya balak gisingin
ang mga natutulog na kandila, o kaya'y
tunawin ang namuo nilang luha. Wala
siyang balak ampunin ang naulilang
mga tinapay. O ang simutin
ang pira-pirasong kalansay
ng mga bangkay. Inipon niya isa-isa
ang mga orkidyang  inialay sa patay.
Humayo siyang dala-dala sila
pabalik sa kaniyang bakuran
kung saan kanlungan
ng tunay na kaligtasan.